



### **Muling bubuksan ng Lungsod ng Brampton ang Brampton Cemetery na may limitadong access at mga oras ng operation**

BRAMPTON, ON (Mayo 7, 2020) – Simula Sabado, Mayo 9, 2020, muling bubuksan ng Lungsod ng Brampton ang Brampton Cemetery, na matatagpuan sa 10 Wilson Avenue, na may kontrolado, limitadong access para matiyak ang kaligtasan ng lahat ng bisita at staff.

Ang pag-access sa sementeryo ay lilimitahan sa gate sa Church Street (pinaka-malapit sa Beech Street).

Mananatiling sarado ang 25 pinaka-unang mga sementeryo sa Lungsod hanggang sa karagdagang abiso.

Ayon sa mga direktiba na itinakda ng Bereavement Authority ng Ontario, pinakamarami 10 tao ang papayagan na pumasok sa Brampton Cemetery nang sabay-sabay nang hindi hihigit sa limang tao kada plot. Ang bawat pagbisita ay lilimitahan hanggang 15 minuto.

Maaaring may karagdagang mga limitasyon kung may mga pamilyang pupunta sa mga plot na katabi ng isa't isa. Bilang bunga, ang mga residente ay maaaring makakaranas ng mas mahabang oras ng paghihintay.

Para matiyak ang pagsunod sa mga regulasyon ng paglayo mula sa iba, ang mga bisita ay kailangang patuloy na mananatiling dalawang metro (anim na piye) ang layo mula sa iba (na hindi kasamang nakatira sa iisang bahay) sa lahat ng oras.

Mga oras ng operation ng Brampton Cemetery:

- Sabado, Mayo 9: 5 pm hanggang 8 pm
- Linggo, Mayo 10: SARADO
- Simula Lunes, Mayo 11: Lunes hanggang Biyernes, 4:30 pm hanggang 7:30 pm; Sabado at Linggo, 3 pm hanggang 7:30 pm

Ipapaskil ang karatula sa labas ng Brampton Cemetery para ipaalam ang binagong mga oras ng operation.

Ang mga mahalagang serbisyo, gaya ng paglilibing at pagbebenta ng plot na libingan, ay patuloy na ibibigay sa pamamagitan ng appointment lamang. Hinihiling ang mga residente na tumawag sa 905.874.2997 para magpa-appointment.

Ang Lungsod ng Brampton ay responsable sa pamamahala ng Brampton Cemetery, pati na rin ng 25 pinaka-unang mga sementeryo. Ang isang talaan ng mga sementeryo ng Brampton ay [makikita rito](#).



### Quote

“Nauunawaan natin ang kahalagahan na magawa ng mga pamilya na magpaabot ng paggalang sa kanilang mga pumanaw na ina at lola nitong Mother’s Day, at ang pagsasara ng sementeryo ay isang mahirap na desisyon na kinailangang gawin ng Lungsod. Para maibigay ang mga mahalagang serbisyong ito sa pinaka-ligtas na paraang posible, muling binubuksan ng Lungsod ang Brampton Cemetery na may limitadong access at mga oras ng operation ngayong Sabado, ngunit magsasara sa Linggo dahil sa daming bisitang inaasahan. Gusto nating patuloy na protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng ating mga bisita at staff sa pamamagitan ng pagpapanatili sa mga paraan ng paglayo mula sa iba, ngunit sinusupportahan din ang mga taong gustong gumamit sa mga serbisyong ito sa panahong ito.”

- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton

-30-

### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)